

# 1

Hindi napigilan ni Nina ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi nang masilayan ang maamong mukha ni Aiden. Kahit hindi siya nito binalingan ng tingin ay awtomatiko siyang napayuko. Mabilis niyang tinungo ang kanyang upuan.

Sinalubong siya ng nanunudyong ngiti ni Carla, ang kanyang matalik na kaibigan, na kaklase niya ngayon sa isang subject. “Patay na patay ka pa rin talaga sa ungas na iyan, ano?” Inginuso nito ang direksyon ni Aiden.

Pinasadahan muli ni Nina ng tingin ang likod ng binata. Abalang-abala ito sa pagguhit. Ano kaya ang idino-drawing nito? Hindi niya maiwasang itanong sa sarili kung sino kaya ang crush nito.

Bumalik ang mga alaala noong boyfriend niya pa si Aiden. Iyong mga panahong bigla na lang siya nitong tititigan, pagkatapos ay makikita niya na lang na iginuguhit na nito ang mukha niya.

Palaging ganoon. Iba-ibang anggulo, pero isang mukha lang ang paboritong iguhit ng binata. Hindi ito nagsasawa, hanggang sa isang araw, bigla na lang nagbago ang lahat.

Kasamang bumalik ng mga alaala ang sakit. Parang biglang gusto niya na lang umiyak. Ginawa niya ang lahat para mapigil ang nagbabadyang luha. Nagkibit-balikat na lamang siya sa

tanong ni Carla at saka nangalumbaba.

“Hala ka. Hopeless case na ’yan,” natatawang sabi nito at ginaya ang posisyon niya. “Bakit ba hanggang ngayon diyan ka pa rin sa Aiden na iyan nahuhumaling? Kung tutuusin, lamang na lamang diyan si Jack.”

Napakunot ang noo ni Nina. “Huwag mo na kasing tuusin. Mas bet ko si Aiden. Tapos!”

Parang hindi siya nito narinig. “Ganito kasi, tingnan mo, ha. Ibaling mo na lang ’yang atensyon mo sa iba, kasi sa tingin ko, wala na siyang nararamdaman para sa ’yo. You’re just creeping him out dahil sa mga pagtitig mo sa kanya.” Para bang ito ang nahihirapan sa sitwasyon niya. “He doesn’t deserve you...”

Hindi niya magawang magalit kay Carla, pero nasaktan siya sa sinabi nito. Pilit niyang kinokontrol ang boses niya sa takot na marinig ng lalaki. “I can’t forget him just like that. I can’t pretend that I never loved him! I need the damn closure...”

“Nina, you’re too good for him! He’s a playboy. At ngayon may iba na siya.”

Naramdaman niya ang bahagyang pagsikip ng kanyang dibdib. Hindi niya maintindihan kung bakit ang pakiramdam niya ay pinagtaksilan siya ni Aiden, gayong matagal na silang hiwalay.

Dalawang buwan na ang nakakalipas simula nang makipag-break ito sa kanya nang walang sinasabing rason.

Hindi maitatago ni Nina na hanggang ngayon, hindi niya pa rin nakakalimutan si Aiden. Samantalang ito, kaswal na sa pakikitungo sa kanya. Iyong para bang hindi naging sila noon. Parang malapit na kaibigan pa rin ang turing nito sa kanya.

At inis na inis ang dalaga dahil hindi siya makausad.

Naging sapat na sa kanya ang makitang wala itong ibang babaeng nakakasama. Umaasa siyang maaari silang magkabalikan ng dating nobyo.

Pero nagkamali siya. Sa balitang nalaman niya ngayon, para bang hinampas siya ng realidad. Siguro madali nga lang nakalimutan ni Aiden ang nakaraan nila.

Napatanong si Nina sa sarili. *Oo nga pala, ano nga ba naman ako? Hamak na ex-girlfriend na nga lang pala.*

Tila naramdaman ni Carla na sumama ang pakiramdam niya.

“Sino ’yung babae? Kilala mo ba?” Hindi napigilan ni Nina ang paghalo ng lungkot sa boses niya.

“Hindi, eh. Isa pa, kung kilala ko man, hindi ko siguro sasabihin sa iyo dahil nakakatakot ang hitsura mo ngayon, mukha kang manlalapa ng tao.”

Pabirong sinamaan niya ng tingin si Carla.

“Nina, tigilan mo nga ’yan,” natatawang saway nito sa

kanya.

“Grabe, Carla, sobrang daya ni Aiden.” Nakaramdam si Nina ng lungkot sa kaloob-looban niya pero pilit niya iyong itinago.

“Kay Jack ka na lang kasi.”

Agad na nagsalubong ang mga kilay niya. Nagsisimula na naman si Carla sa panunukso nito. Halos umakyat lahat ng dugo niya sa ulo dahil sa naalalang insidente.

“Ang panget-panget ng ugali ng Jack na ’yun, ’kala mo naman kung sinong gwapo. Tsss. Napaka-gentledog pa ng unggoy na iyon. Ah, basta, nasa kanya na lahat ng kahayupan, kabalasubas—”

Halos lumabas ang puso ni Nina nang kumiliti ang boses ni Jack sa kanyang tainga. “You don’t know me at all, Princess.”

Nanlalaki ang mga mata ng dalaga nang makaharap si Jack. Nangingit siya nang maalala ang atraso nito sa kanya.

“I know how bad you are! Isa kang malaking papansin!” Inirapan niya ito at muling tinalikuran.

Pero sa halip na mainis ang lalaki ay lalo lamang lumapad ang ngisi nito, tipong nang-iinis.

Kunot na kunot ang noo ni Nina habang iniisip na bagay na bagay kay Jack ang ngiti nito, ang kulang na lang ay ang tinidor at ang buntot. Madali na lang isunod ang sungay dahil

mayamaya lang ay bubukulan niya na ang isang ito pag hindi pa siya tinantanan.

“Unbelievable! You’ve just insulted me, and now you’re mad at me? Di ba dapat ako ’yung magalit?” Tumawa ni Jack saka nagpatuloy. “Ano ba ang problema mo sa ’kin?”

Nagtagisan muna sila ng tingin bago nagsalita si Nina. “Totoo naman, ang sama-sama ng ugali mo! Naalala mo ba noong isang araw na makasabay kita sa tricycle? Kita mo na ngang hindi ako magkandaugaga sa bitbit ko, sa charity mo pa rin ako pinaupo!”

Hindi makapaniwala si Jack sa narinig, pakiramdam niya ay sobrang babaw lang na dahilan iyon para husgahan ni Nina ang buong pagkatao niya.

“Yun lang? Seryoso ka?” Natawa na lamang siya. “That’s the problem with you, girls. Gusto n’yo ng gender equality, pero kapag hindi pabor sa inyo at mahihirapan kayo, ikakatwiran ninyong babae kayo at lalaki kami kaya kailangang naming magparaya.’ Tsss.”

Hindi nagpatalo si Nina. “Oo na. Sabihin na natin na baliko na nga ’yung logic namin. Pero, seriously, wala man lang ba talagang dumaloy sa mga ugat mo na pagkamaawain, pagkamatulungin o pagiging gentleman man lang? Hanep!” Napailing siya sa pagkadismaya.

“Sorry, ha? Di ko naman kasalanang hindi ka chick, di ba? Sorry, pero ’yung service ko para sa magaganda at sexy lang.”

Dinaan na lang ni Jack sa pang-iinis ang kausap, at ngumisi pa. Pinasadahan pa niya ng tingin ang katawan ng dalaga na para bang nang-iinsulto.

“Bastos! Ang kapal ng mukha!”

Nakuha ng halakhak ni Aiden ang atensyon ni Nina. Nakatayo ito sa likuran ni Jack. Agad na kumabog ang dibdib ng dalaga nang maisip na pinagtatawanan siya nito.

“Dude, nakaharap mo na ’ata ang katapat mo!” Mahinang sinuntok ni Aiden ang braso ni Jack saka ngumiti habang kagat ang labi.

Tumingin pa ito kay Nina, at hindi alam ng dalaga kung bakit nasasaktan siya sa pagtitig nito. Gusto niyang umiyak dahil parang hindi niya mahanap ang recognition sa mga mata ng ex-boyfriend.

*Ano ba’ng nagawa ko sa ’yo, Aiden? Nakalimutan mo na ba ang lahat ng pinagsamahan natin?*

Nakangiti si Aiden at gusto niyang isipin na siya ang dahilan kung bakit. Parang timang lang. Nabalik lamang siya sa realidad nang marinig niya ang boses ni Jack. Na nakakairita.

“Lul! This isn’t new to me, bro!” ani Jack, pagkatapos ay muling hinarap ang dalaga. “Nina, I know you. Nagtatapang-tapangan ka ’tapos aawayin mo ang pinakagwapo sa campus, which is, ehem, hindi naman sa pagyayabang, ako nga. Your style

is old. Crush naman kita, eh, kaso ikaw 'yung nagtataboy sa 'kin.”

Tinalikuran niya si Jack at saka bumuga nang malakas.

“Did I finally catch your attention? And this is your way of getting mine?” pangungulit nito sa likuran niya.

Agad nagusot ang mukha ng dalaga sa narinig. Taas-kilay niyang hinarap ang hambog. “Alam mo, nasa katinuan pa ako, kaya huwag kang umasang magpapapansin ako sa isang katulad mo! Hindi ako magkakagusto sa tulad mo na ginawa nang tirahan ang guidance office para lang mapansin ng mga magulang! Eh, kung sa halip na puro kalokohan ang gawin mo, subukan mo kayang magtino para maging proud sa 'yo 'yung parents mo!”

Nagkaroon ng matinding katahimikan at napansin ni Nina na sentro na sila ng atensyon ng klase dahil sa mataas niyang boses at sa tensyon na pumapagitna sa kanila.

“Woah! Sabunutan! Sabunutan!” pabirong kanyaw ng mga kaklase nila.

Muli silang nagsukatan ng tingin. Halos umusok ang ilong ng dalaga sa galit samantalang isang blangkong ekspresyon lamang ang ipinakita ni Jack.